Sa Pagpatay at Galit

WARM-UP

- Ano ang isa sa mga o mga maliit na bagay na kinaiinisan o kinayayamutan mo? Ano ang pinakanakakainisan mo sa mga bagay na ito?
- Ano ang pinakamalalang pagtatalo na kinasangkutan mo? Ano ang nangyari?
- Mas madali ba para sa iyo ang ipahayag ang nararamdaman mo sa isang tao o ang pigilan ang iyong damdamin? Bakit ito ang mas madali para sa iyo?

WORD

21 Sinabi pa ni Jesus, "Narinig ninyo na sinabi noong una sa ating mga ninuno, 'Huwag kayong papatay, dahil ang sinumang pumatay ay parurusahan.' 22 Ngunit sinasabi ko sa inyo na ang may galit sa kanyang kapatid ay parurusahan din. . . ." **MATEO 5:21,22**

(Basahin din ang **MATEO 5:23-26.**)

Sa Kanyang Pangaral sa Bundok, nagbahagi si Jesus tungkol sa galit at sa epekto nito sa ating relasyon sa Kanya at sa ating relasyon sa kapwa. Dapat nating maintindihan na ang Diyos ay Diyos ng pakikipagkasundo. Ang nais Niya ay ang maibalik tayo sa tamang relasyon sa Kanya at sa kung kanino man tayo nagalit, kahit na sino pa ang nagsimula ng pananakit. Ang mga sumusunod na katotohanan ay magbibigay sa atin ng pananaw ayon sa Bibliya tungkol sa galit at kung paano tayo dapat tumugon bilang mga tagasunod ni Cristo.

1 Ang galit ay nagbubunga ng pagkasira ng mga relasyon.

[21]Sinabi pa ni Jesus, "[22]Ngunit sinasabi ko sa inyo na ang may galit sa kanyang kapatid ay parurusahan din. At ang humamak sa kanyang kapatid at magsabi sa kanya, 'Wala kang silbi!' ay dadalhin sa mataas na hukuman. . . ." **MATEO 5:21,22**

Ang pagkakaroon ng galit laban sa isang tao ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng kagustuhan na makaganti sa sinumang nakasakit sa atin, at ang pinakamasaklap ay maaari itong humantong sa pagpatay sa kapwa. Binalaan tayo ni Jesus laban sa mapaminsalang epekto ng galit sa ating mga relasyon, at itinuturo sa atin na tayo ay *makipagkasundo* (Mateo 5:24) sa sinumang nagkasala sa atin. Paano tayo hinikayat ni Apostol Pablo na harapin ang ating galit? (Mga Taga-Efeso 4:26)

2 Ibinalik ng Diyos ang ating relasyon sa Kanya.

Ang lahat ng ito'y gawa ng Diyos na nagpanumbalik sa atin sa kanya sa pamamagitan ni Cristo. At ibinigay niya sa amin ang tungkuling papanumbalikin ang mga tao sa kanya.
2 CORINTO 5:18

Tayo ay ipinagkasundo ni Jesus sa Kanya, kahit nagkasala tayo. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, ang Kanyang orihinal na disenyo, kung saan ang tao ay may relasyon sa Ama, ay nanumbalik. Ang lahat ng ito ay dahil lamang sa Kanya, *sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi naging karapat-dapat sa paningin ng Diyos* (Mga Taga-Roma 3:23). Bakit si Jesus lamang ang may kakayahan na ibalik ang ating relasyon sa Diyos?

3 Ang mga nasira nating relasyon ay maaaring maisa-ayos.

At ito nga ang aming ibinabalita: Pinapanumbalik ng Diyos ang mga tao sa kanya sa pamamagitan ni Cristo, at hindi na ibinibilang na laban sa kanila ang kanilang mga kasalanan. At kami ang kanyang pinagkatiwalaan na magpahayag ng mensaheng ito. **2 CORINTO 5:19**

(Basahin din ang **2 CORINTO 5:20.**)

Ang natatanging tugon sa pag-ibig at kapatawaran ng Diyos ay ang pakikipagkasundo sa sinumang nagkasala sa atin. Gaya ng pagpapanumbalik ng Diyos sa relasyon natin sa ating Ama sa langit, binigyan Niya tayo ng kakayahan na magpatawad, at mapalampas ang mga pagkakasala sa atin. Subalit dapat tayong tumugon nang may pananampalataya. Ayon sa Kawikaan 10:12, ano ang pinakamagandang paraan upang hindi pansinin ang mga pagkakasala laban sa atin?

.....

.....

APPLICATION

- Paano mo mababantayan ang puso mo laban sa galit? Ngayong linggo, maghanap ka at magnilay-nilay ng mga Kasulatan tungkol sa galit at sa epekto nito sa ating mga relasyon.
- Paano mo magagawang maging ministro ng pakikipagkasundo sa iba? Paano mo maibabahagi sa ibang tao ngayong linggo kung ano ang ginawa ng Diyos para sa iyo?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na kailangang patawarin? Tukuyin ang isang hakbang na maaari mong gawin upang simulang makipagkasundo ngayong linggo. Ipanalangin na maging maayos ang relasyon na ito.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang manumbalik ang ating relasyon sa Kanya. Hingin sa Diyos na gamitin ka bilang ministro ng pakikipagkasundo.
- Hingin sa Diyos ang kakakayahan na mapagtagumpayan ang galit sa iyong buhay. Manalangin at maniwala para sa mas malaking kakayahan na mahalin ang iba. Ipanalangin ang iyong mga relasyon at hingin sa Diyos na ipanumbalik ang mga nasira mong relasyon.
- Ipanalangin ang mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo sa iyong pamilya, kaibigan, kamag-aral, at katrabaho, at na sila ay maibalik kay Cristo. Hingin sa Diyos ang mga salita na tiyak na makapagdadala sa kanila ng lunas at pakikipagkasunduan.

NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph